
1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 6:

## Bata, Mangarap Ka




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q1_AP1_Module6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 6: Bata, Mangarap Ka**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Hilda R. Mariano

**Editor:** Lolita V. Lorenzo, Editha C. Dimarucut, Amelia B. Bergonia, Leonora L.Tuason

**Tagasuri:** Elizabeth R Berdadero, Jenelyn B. Butac, Richard O. Ponhagban

**Tagaguhit:** Images Labelled for Reuse

**Tagalapat:** Jaylord Gallarde

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 6:
## Bata, Mangarap Ka

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga pangarap at ninanais para sa sarili.


Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- Naipagmamalaki ang sariling pangarap o ninanais sa pamamagitan ng mga malikhaing pamamaraan.



# *Subukin*

**Panuto:** Pagmasdan ang mga larawan. Kulayan ang mga larawang pinapangarap o ninanais mo? Kung wala sa mga ito ang nais mo paglaki, iguhit mo ito sa loob ng kahon.









# Modyul 6 Pagbuo ng Pangarap

Ano-ano ang mga nais mong makamit o matupad sa iyong buhay?

Mahalaga ang pagkakaroon ng pangarap.

## *Balikan*

**Panuto:** Iguhit ang iyong pamilya sa kahon. Punan ang bawat patlang upang mabuo ang bawat pangungusap na nagpapakilala sa iyong pamilya.

Ito ang aking pamilya.
Ang aking pamilya ay  binubuo ng ________ na miyembro.
Ako ay may ________ na babaeng kapatid.
Ako ay may ________ na lalaking kapatid.
Mahal ko ang aking pamilya.

## *Tuklasin*


Ipikit ang iyong mata. Isipin mo na ikaw ay dalawampung (20) taong gulang na. Ano ang iyong nakikita na ginagawa mo?

**Panuto:** Iguhit sa loob ng *bubble* ang iyong sarili sa edad na dalawampung (20) taon.



## *Suriin*

**Panuto:** Pagmasdan ang mga larawan ng mga tao sa ibaba.

| | |
|---|---|
|  | **DR. JOSE P. RIZAL**<br>• Pambansang bayani ng Pilipinas |
|  | **MANNY PACQUIAO**<br>• Nakilala sa buong mundo sa kaniyang galing sa boksing.<br>• Isa sa mga senador sa kasalukuyan |
|  | **RODRIGO R. DUTERTE**<br>• Ang kasalukuyang pangulo ng Pilipinas |
|  | **LEA SALONGA**<br>• Kilala sa kaniyang galing sa pag-awit.<br>• Tinaguriang *Ms. Saigon* |
|  | **ROBERT JAWORSKI**<br>• Kilala sa kaniyang husay at galing sa basketbol dito sa Pilipinas. |


Katulad mo, minsan din silang naging bata. Sa kanilang pagtitiyaga at pagsisikap, natupad nila ang kanilang mga pangarap.

Mahalaga ang pagkakaroon ng pangarap. Ito ang magsisilbing gabay upang makamit mo ang iyong nais marating sa buhay.


May mga dapat kang gawin upang makamit ang iyong pangarap. Hangga’t bata ka pa ay alamin mo ang iyong kakayahan. Patuloy mo itong pagbutihin. Mag-aral kang mabuti. Magsumikap at magtiyaga ka. Maging matatag sa pagharap ng anumang hamon at pagsubok na dumating. Sa pamamagitan nito magtatagumpay ka tungo sa pagkamit ng iyong pangarap.


## *Pagyamanin*

**A. Panuto:** Pagmasdan ang mga batang nasa larawan.
Kulayan ang gawaing paborito mong gawin.
Kung wala, iguhit mo ito sa blangkong kahon.










**B. Panuto:** Isulat sa gitna ng bilog ang iyong pangalan. Sa palibot ng iyong pangalan, gumuhit ng dalawang (2) bagay na sumisimbolo ng iyong pangarap. Sa dalawang maliliit na kahon naman, iguhit ang mga dapat mong gawin upang matupad ang iyong pangarap.





## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang bawat patlang ng tamang sagot.

- Bawat bata ay may sariling _______________.
- Ang ________________ ay ang ninanais para sa sarili.
- Mahalaga ang pagkakaroon ng ________________.
- Dapat magsumikap upang makamit ang iyong _____________.
- May kailangan kang gawin upang makamit ang iyong

  _______________

## *Isagawa*

**Panuto:** Ayusin ang mga letra upang mabuo ang mga pangarap na tinutukoy. Isulat ito sa kahon.

**t o k d o r** 1. Gumagamot ng maysakit.

**u g o r** 2. Nagtuturo sa mga bata upang matutong bumasa at sumulat.

**s a r n** 3. Nag-aalaga ng maysakit.

**l u s i p** 4. Nangangalaga ng katahimikan at kaayusan ng bayan.

**t e n s i t d a** 5. Nangangalaga ng ating ngipin.

## *Tayahin*

**Panuto:** Iguhit sa loob ng kahon ang ☺ kung **tama** ang isinasaad ng pangungusap at ☹ kung **mali.**

☐ 1. Mayroon kang ninanais para sa iyong sarili.

2. Mahalaga ang pagkakaroon ng pangarap.

3. Ikahiya ang pangarap para sa sarili.

4. May mga dapat kang gawin upang makamit ang iyong pangarap.

5. Hangga't bata ka pa ay tuklasin mo ang iyong mga kakayahan.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Isulat sa loob ng kahon ang iyong pangarap paglaki. Magtala ng dalawang (2) gawain upang maabot ang mga pangarap para sa sarili.

1. ____________________________________________

2. ____________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

Magkakaibang kasagutan

**Pagyamanin** A at B

Magkakaibang kasagutan


**Balikan:**

Magkakaibang kasagutan

**Isagawa:**

1. doktor
2. guro
3. nars
4. pulis
5. dentista

**Tayahin:**



**Karagdagang Gawain:**

Magkakaibang kasagutan

# *Sanggunian:*

K to 12 Gabay Pangkurikulum Araling Panlipunan Batang 1-10. (2016)

Miranda, N.P. (2017) Araling Panlipunan-Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral. Geumcheongu, Seoul, Korea: Prinpia co., Ltd.

Images Labelled for Reuse

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph